

Para sa may gustong ikonsulta (magulang - pamilya)
Una sa lahat, makipag-ugnayan sa class teacher o sa life support head

Kanae Iwata

- Sa Toyohashi Municipal Elementary at Junior High School, mayroong isang guro na namamahala sa pagpapayo sa edukasyon na tinatawag na "Life Support Head".
- Kung nakipag-ugnayan sa class teacher, makikipagtulungan ang class teacher sa life support head sa paaralan upang pangasiwaan ito.
- Maaaring magbigay ng interpreter sa konsultasyon sa paaralan. (Portuguese, Tagalog, Spanish)

◆Paraan ng pagkikipag-ugnayan sa paaralan (Halimbawa) ◆



Kyōiku sōdan wo uketainode, seikatsu sapoto(moshikuwatanin)no sensei wo onegaishimasu. (Nais ko po sanang kumonsulta tungkol sa edukasyon, maaari po bang makausap ang life support head o 'di kaya ay ang class teacher?)

Mangyaring sabihin sa teacher na sasagot sa telepono.

「Nais munang subukang kumonsulta」 ⇒ Magpapakilala ang "Life Support Head" ng pinakamalapit na dalubhasa.

① 【School counselor sa paaralan】

Sa Fukuoka-E school, tuwing ika-apat na Huwebes mula 10:00 ~ 16:45 ay maaaring kumonsulta.

- Mangyaring sabihin ang nais na petsa at oras. Magsasagawa ng mga pagsasaayos sa paaralan at ipapaalam sa inyo ang petsa at oras ng konsulta.
- Hangga't gusto ay maaaring magpatuloy na kumonsulta.
- Walang bayad ang konsulta.

② 【Non-school counselor】

- Maaaring kumonsulta sa isang certified psychologist na kabilang sa Toyohashi City Board of Education.
- Maaaring pumili ng lugar ng konsulta. Maaaring kumonsulta sa paaralan na pinapasukan ng inyong anak o sa Toyohashi-shi Kyōiku kaikan (education counseling room).
※Kung nais sa Kyōiku kaikan, mangyaring sundin ang pamamaraan ng ⑤ sa kanang itaas.
- Hangga't gusto ay maaaring magpatuloy na kumonsulta.
- Walang bayad ang konsulta.

「Nais sa ibang lugar maliban sa paaralan」 ⇒ Ang Life Support Head ang magbibigay gabay sa lokasyon at pamamaraan ng ③ at ④

③ 【Toyohashi Hotto Plaza】

- Pag-aaralan alinsunod sa timetable. Walang bayad
- Maaaring pumili sa 3 lugar sa loob ng lungsod.
 - Hotto Plaza East 【Toyohashi city Audiovisual center (Shichōkaku senta)】
 - Hotto Plaza Central 【Toyohashi city Vocational Training Center (Shokugyō kunren senta)】
 - Hotto Plaza West 【Toyohashi city Youth Outdoor Learning Center (Seishōnen senta)】
- Ang paaralan ang makikipag-ugnayan sa Hotto Plaza.

とよはしほっとプラザ



④ 【Moral/Emotional Support】

- Ang mga college students ay bibisita at gugugol ng oras upang samahan ang bata sa tahanan na may posibilidad na takot sa pakikisalamuha at walang kahit kaunting kaugnayan sa mga tao maliban sa kanilang pamilya.
- Maaaring mag-apply para sa moral/emotional support (mentaru furendo) sa pamamagitan ng paaralan.



Kung nais kumonsulta sa isang lugar maliban sa paaralan (Ang mga sumusunod na ⑤~⑩ ay maaaring makipag-ugnayan nang direkta mula sa tahanan.)

「Nais Ikonsulta ang mga Alalahanin sa Anak」

⑤ 【Toyohashi city Education Center(Kyōiku kaikan)・『education counseling room』 ang konsulta】

- Maaaring kumonsulta nang libre tungkol sa lahat ng mga problemang nauugnay sa mga bata tulad ng pambu-bully at hindi makapasok sa paaralan.
- Maaaring makatanggap ng konsulta sa telepono at makipanayam sa mga may karanasan na tagapayo sa edukasyon.
- Maaaring magkaroon ng isang panayam sa isang certified psychologist. (Kailangang magpareserba.)

<Contact Info.> Toyohashi city, Education Center (Kyōiku kaikan) (education counseling room)

☎ 3 3 - 2 1 1 5 Toyohashi-shi Jinnofutochou 3-22

<Araw at Oras> Monday~Saturday 9 : 0 0 ~ 1 8 : 3 0

豊橋市 教育相談室



「Nais kumonsulta dahil mayroong mga alalahanin tungkol sa paglaki at pag-unlad ng anak.」

⑥ 【Toyohashi city Education Center (Kyōiku kaikan)・『nijinoko counseling room』 ang konsulta】

- Para sa mga alalahanin tulad ng "hindi mapakali", "hindi makasundo ang mga kaibigan", "hindi makasabay sa pag-aaral", "pagkaantala ng pagsasalita", "pag-aalala sa pagbigkas", "pag-aalala tungkol sa paaralan". Ang isang full-time na tagapayo ang hahawak sa konsulta. Libre ang konsulta.
- Kung kailangan ng treatment o pagsasanay, nagpapakilala rin kami ng mga dalubhasang institusyon.

<Contact Info.> Toyohashi city, Education Center (Kyōiku kaikan), Nijinoko counseling room ☎ 3 3 - 1 3 6 6

Toyohashi-shi Jinnofutochou 3-22

<Araw at Oras> Monday~Saturday 9 : 0 0 ~ 1 7 : 0 0

豊橋市 にじの子相談



「Konsulta tungkol sa pagpapalaki ng bata, mga problema sa pamilya, at suporta para sa independence.」

⑦ 【Toyohashi city Children and Youth Counseling Center・『cocoyell』 ang konsulta】

- Maaari kaming magbigay ng suporta na malapit sa mga problema ng bawat indibidwal mula sa mga kabataang simula ng kapanganakan hanggang sa mga wala pang 40 taong gulang at kanilang mga pamilya, tulad ng mga alalahanin sa pagpapalaki ng bata, disiplina, maling gawi, mga problema sa pamilya, trabaho, at independence. Libre ang konsulta.

<Contact Info.> General consultation reception ☎ 5 4 - 7 8 3 0 Toyohashi city, Matsubachou 3 chome 1

<Araw at Oras> Monday~Friday 9 : 0 0 ~ 1 9 : 0 0、Sat.・Sun. 9 : 0 0 ~ 1 7 : 0 0

Closed days, public holidays, year-end at New Year holidays

豊橋 ココエール



「Nais magpakonsulta sa medical institution」

⑧ 【Konsultasyon sa Toyohashi Children's Mental and Physical Development Center】

- Maaaring pag-usapan ang pag-unlad ng inyong anak at mga alalahanin tungkol sa pagpapalaki ng bata. Libre ang konsulta.
- Maaaring makatanggap ng medical treatment at rehabilitasyon sa isang doktor.

<Contact Info.> Toyohashi city, Children's Mental and Physical Development Center (inside Hoippu)

☎ 3 9 - 9 2 0 0 (Kailangang magpareserba.)

Toyohashi city, Nakanochou, Aza Nakahara 100

<Araw at Oras> Tuesday~Saturday 8 : 3 0 ~ 1 7 : 1 5

Closed days, Sunday, Monday, public holidays, year-end at New Year holidays

豊橋市こども発達センター



⑨ 【Puberty Emotional Health Consultation】

- Konsulta para sa mga kabataan at kanilang pamilya tungkol sa mga problemang pangkaisipan na kakaiba sa mga kabataan tulad ng hindi makapasok sa paaralan at eating disorders.
- Maaaring kumonsulta sa child psychiatrist.
- Libre ang konsulta.

⑩ 【Mental Health Consultation】

- Maaaring pag-usapan ang problema sa pag-iisip 「hindi makatulong」、 「pag-iisip ng tungkol sa kamatayan」 atbp.
- Ang mga magulang ay maaaring makipag-usap tungkol sa sariling mga alalahanin.
- Maaaring kumonsulta sa certified public psychologist.
- Libre ang konsulta.

Para sa araw, oras at detalye ng konsulta, mangyaring tumawag sa numero sa ibaba.

<Contact Info.> Toyohashi City Department of Health Promotion (inside Hoippu) ☎ 3 9 - 9 1 4 5 (Kailangang magpareserba.) Toyohashi-shi, Nakano-cho, Aza Nakahara 100